Rochelle Porras
Iggy Sandrino
Orly Putong
Mandy Felicia
EILER Inc.

# Digitalisasyon ng Paggawa, Digitalisasyon ng Pagsasamantala: Panimulang pag-aaral sa mga manggagawa sa gig economy sa Pilipinas

*Ang artikulong ito ay hango sa nagpapatuloy na pananaliksik ng EILER Inc. sa Kalagayan ng mga Manggagawa sa TNVS at sa kabuuang pagsisikap ng institusyon para mag-ambag sa edukasyon at organisasyon ng mga manggagawa sa sinasabing bagong larangan sa ekonomya tulad ng gig economy. Ang ilang bahagi ng pananaliksik ay nasa online platform ng Digital Justice at may pamagat na Digitization of Exploitation - Study on the platform workers in the gig economy in the PH: A thematic case study presented by the Ecumenical Institute for Labor Education and Research together with the Computer Professionals' Union and World Association for Christian Communication. Patuloy na nagsasagawa ang EILER ng ganitong mga pananailiksik kasabay ng bukas nitong paanyaya sa mga faculty, istudyante at iba pa sa akademya na makibahagi sa mga gawain ng EILER.*

**Introduksyon**

Nakamit ang mga mas higit na teknolohikal na pagpapaunlad sa manupaktura at agrikultura sa pag-usbong ng mga abanteng makina o smart machines kasabay din ng patuloy na pag-unlad sa paggamit ng internet. Madalas na bukambibig ng mga malalaking kumpanya sa teknolohiya ang mga abanteng

proseso sa produksyon at ang paggamit ng mga ito sa parehong mauunlad at ‘di mauunlad na mga bansa, bagama’t ‘di pantay ang antas na nakakamit. Ayon sa mga ekonomista at industriyalista, ang pandaigdigang produksyon ay pumasok na sa ika-apat na rebolusyong industriyal. Sa patuloy na pagsalubong ng mundo sa mga bagong teknolohiya tulad ng robotics, artificial intelligence at machine learning, 3D printing, nanotechnology, at iba pang abanteng teknolohiya, ang posibilidad ng perpektong produksyon ay tila hindi na maiiwasan at abot kamay na.

Nagbigay-daan ang paggamit ng digital platforms para sa mas mabilis at malawakang transaksyon sa pagitan ng mga negosyo at mamimili. Sa katunayan, ang mga online-based na korporasyon, tulad na lamang ng Amazon, ay humakot ng bilyun-bilyong dolyar sa gitna ng krisis na dulot ng pandemya. Ngunit patuloy na tumitindi ang kontradiksyon sa pagitan mga manggagawa at kapital sa harap ng mga krisis sa ekonomiya at lipunan kung saan iilan lamang ang nakikinabang sa mga pag-abanteng nabanggit. Bagaman itinulak ng pag-unlad ng kapitalismo at mga bagong teknolohiya ang mga pagbabago sa mga paraan ng produksyon, nakita rin na hindi nakikinabang ang mga manggagawa sa teknolohiyang nasa kamay ng iilan at nagsisilbi sa paglikha ng tubo. Gayunman, ito ay hindi nangangahulugan na likas na masama ang teknolohiya. Sa halip, sinamantala ng mga pinakamayayaman at mga kapitalistang lipunan ang agham at teknolohiya upang isulong ang kanilang kapitalistang interes. Patuloy ang kawalan ng katiyakan sa trabaho na nagpapahirap sa maraming bansa habang wala ring signipikanteng pagtaas sa sahod ng mga manggagawa kumpara sa pagtaas ng yaman ng pinakamayayamang kapitalista sa mundo.

Sa Pilipinas, dahil sa patuloy na pinsalang dulot ng pandemyang Covid-19 sa ekonomiya ng bansa, libu-libong mga maliliit na negosyo o micro-small-medium enterprises (MSMEs) ang nagsara. Ayon sa Ibon Foundation, 64% ng mga MSMEs sa bansa na mayroong 3.8 milyong mga manggagawang empleyado ang direktang naapektuhan ng lockdown noong Marso 2020. Ayon naman sa pag-aaral ng Asian Development Bank, 60% ng mga MSMEs ay walang kikitain dahil sa pansamantalang pagsasara. Milyun-milyong manggagawa ang biglaang nawalan ng hanapbuhay at kinailangang maghanap ng ibang pagkakakitaan. Ang mga pangmatagalan at regular na trabaho na dati na ngang mahirap mahanap ay lalo pang naging mahirap hanapin.

Bunga ng pagkakasara ng mga establisimyento at sa limitadong pampublikong transportasyon sa panahon ng matinding lockdown, lumobo ang demand para sa mga online na serbisyo at transport network vehicle

services (TNVS). Sinabi ng GrabFood Philippines country head na si EJ Dela Vega sa isang online session noong Abril 2020 na ang natanggap nilang demand para sa online delivery ay na-triple sa loob lamang ng unang dalawang linggo ng enhanced community quarantine (ECQ) sa Metro Manila. Dahil sa lockdown, kinailangan ng ilang restawran na pansamantalang itigil ang kanilang operasyon, at mayroon ding pumaloob sa online na mga plataporma at nag-alok ng delivery service. Ang mga app-based na serbisyo tulad ng Grab at Foodpanda ay naging malaking bahagi ng tinaguriang “new normal” dahil sa mabilis na paghahatid ng mga esensyal na serbisyo sa bahay mismo ng mga customer.

Ayon sa ulat ng kumpanya sa teknolohiya na Momentum Works, lumobo ng 183% ang food delivery sa Southeast Asia mula 2019 hanggang 2020 at umabot sa US$11.9 bilyon sa gross merchandise value (GMV) noong 2020. Samantala, ayon sa isang hiwalay na pananaliksik ng Statista, inaasahan na aabot sa US$359 milyong kita ang sektor ng online food delivery sa Pilipinas sa taong 2022.

Ang dambuhalang korporasyon na Grab ay nag-ambag ng halos kalahati ng GMV ng food delivery service sa Timog-silangang Asya sa parehong taon, na umabot sa US$5.9 bilyon. Nagkaroon din ang Grab ng mga pangunahing posisyon sa 5 sa 6 na merkado sa rehiyon. Sa Pilipinas, ito ay nag-ambag ng 56% ng kabuuang GMV noong 2020.

Bunga ng mabilis na paglago ng pandaigdigang merkado at maging sa gig economy, gayundin ang tumataas na pangangailangan para sa digital transactions at online delivery, hindi nakakapagtaka na maraming manggagawa na napilitang umalis sa kanilang trabaho dahil sa pandemya ang pumaloob sa papalaking bilang ng mga TNVS riders. Higit pa, iniengganyo ang mga manggagawa ng mga insentibo, pleksibleng oras ng trabaho, at mas malalaking take-home pay na kadalasan ay wala sa tradisyonal na sistemang pinatatakbo ng mga opereytor.

Sa kabilang banda, walang employer-employee relationship sa mga ganitong uri ng iskema dahil ang mga manggagawa ay itinuturing na independent contractors. Ang mga manggagawa sa gig economy ay karaniwang hindi nakatatanggap ng mga benepisyong nakukuha lamang sa regular na empleyo. Madalas na isinasantabi ng kumpanya ang pagkakaroon ng minimum na sahod, mga benepisyong pangkalusugan, overtime pay at night differential, seguridad sa trabaho, at karapatan na mag-organisa at kolektibong makipagtawaran o collective bargaining.

Sa mabilis na digitalisasyon ng lugar-paggawa at pagpapaloob ng paggawa sa gig economy, nahaharap sa mas malaking hamon ang mga bansang hindi pa nakakapagtatag ng kanilang mga pambansang industriya. Sino ang makikinabang sa mga pagbabagong teknolohikal, partikular sa digitisasyon ng lugar-paggawa na nasa kamay ng iilan lamang na korporasyon? Paano tinutugunan ang mga usapin sa paggawa sa ilalim ng ising ekonomiyang nakabatay sa indibidwalisado at neoliberal na sistema?

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga epekto ng digitalisasyon at mga kondisyon ng mga manggagawa sa Transport Network Vehicle Service (TNVS) sa loob ng gig economy partikular sa mga online na kumpanya tulad ng Lazada, Shopee, Grab, at Foodpanda.

Bahagi ng sinasabing gig economy ang sistema kung saan ang mga kumpanya ay nag-iempleyo ng mga manggagawa sa kaayusang short-term at kontratang task-based na kadalasan ay sa pamamagitan ng digital platforms. Ang mga kumpanyang nagbibigay ng serbisyong on-demand ay may tendensiyang mag-empleyo ng mga ‘freelancer’ imbis na mga full-time na mga empleyado. May mabilis mang pagtaas sa paggawang ‘freelance’ nitong nagdaang dekada subalit ang gig economy ay umiral na mula noong maagang yugto ng 1900s kung saan ang “gig” ay terminong mula sa mga musikero ng jazz music na pumupwesto, palipatlipat at batay sa kontratang serbisyo. Sa pagdating ng internet at pangingibabaw ng digital platforms sa kasalukuyan, iba’t ibang serbisyo ang naikawing na sa gig economy kasama na ang mga trabaho na dati-rati ay tinuring na propesyong full-time. Ilan sa mga trabahong itinuturing na kabilang sa gig economy ay graphic designers at digital artists, web developers, manunulat, office assistants, manggagawa sa transportasyon, food delivery at courier services.

Ayon sa isang artikulo ng *The Guardian* (2018) tungkol sa gig workers sa Estados Unidos, ang malalaking kumpanya sa digital platform at gig economy tulad ng Uber at Lyft ay nangako ng dagdag bonus upang makahikayat ng dagdag drivers. Ngunit, nakita di-kalaunan ng mga driver na ito ay simula lamang imbis na pangmatagalang pagtaas ng sahod. Ayon pa sa ibang driver, sa panahong walang mga promo, mas mainam pang manatili sa bahay kaysa pumasada dahil mas malaki pa ang gastos sa gasolina at iba pang gastusin kaysa sa naiuuwing kita.

Naglunsad ang mga driver ng Uber at Lyft ng mga samasamang pagkilos at welga simula 2019 para idaing ang mababang pasahod at kawalan ng mga benepisyo. Pinakatampok dito ang pandaigdigang welga ng mga driver ng Uber at Lyft na lumaganap sa mahigit sampung mga lungsod sa United

States (US) at umabot hanggang Australia, Kenya, Nigeria, Chile, Costa Rica, at United Kingdom. Daan-daang mga driver naman ng Food Panda ang kamakailan ay nagwelga upang tutulan ang pagbabawas sa kanilang sahod.

Sa Pilipinas, aabot sa 1.5 hanggang 2 milyong manggagawa ang ‘freelancers’ ayon pag-aaral ng PayPal noong 2018. Ayon naman sa “Global Gig Economy Index” ng Payoneer noong 2019, mayroong 35% pagtaas sa freelance earning sa bansa na siyang naglagay sa Pilipinas bilang ika-6 sa pinakamabilis na lumalaking pamilihan para sa gig industry. Sa tala ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), mayroong higit sa 22,000 TNVS ang pumapasada sa Metro Manila pa lamang.

Lalo pang nailantad ng pandemyang COVID-19 ang lumalalang kondisyon sa matagal nang masahol na kalagayan sa paggawa sa bansa. Aabot sa limang (5) milyong manggagawa ang nawalan ng trabaho noong 2020. Mula Marso 2020 hanggang Pebrero 2021, aabot sa 9.1 milyong mga Pilipino ang nakaranas ng kawalan ng trabaho. Sa panahon ding ito, tumaas ang underemployment sa 18.2% o katumbas ng 7.9 milyong Pilipino. Isa sa mga pinakaapektado ay ang mga driver ng public utility vehicles (PUVs) na tinatayang aabot sa 400,000 ang nawalan ng pagkakakitaan dahil sa mahigpit na mga restriksyong pinataw sa sektor ng pampublikong transportasyon.

Kahit sa kabila ng pansamantala at limitadong operasyon ng pampublikong transportasyon kasabay ng deklarasyon ng General Community Quarantine, malaking bilang pa rin ng mga PUV driver ang hindi pinapahintulutang pumasada. Matapos ang halos dalawang taon ng hindi epektibong pagresolba ng administrasyong Duterte sa krisis, natulak ang milyun-milyong mga manggagawa sa mga trabahong walang security of tenure o may di-maayos na kalagayan. Libu-libong mga MSMEs ang permanenteng nagsara habang ang marami ay limitado o hindi pa rin nagpapatuloy sa operasyon buhat ng mga restriksyong pinataw ng pamahalaan.

Maraming mga manggagawang nawalan ng trabaho ang natulak na pasukin ang app-based online delivery services tulad ng Grab, FoodPanda, Lazada, Shopee, at iba pa. Lalo pa, ang proseso ng aplikasyon sa mga online app ay relatibong simple. Kahit sinong may lisensya sa pagmamaneho at may angkop na sasakyan ay maaaring magsumite ng kanilang aplikasyon at magsimulang pumasada matapos lamang ang ilang araw.

Ang Grab Holdings, Inc. or Grab ay isang mobile technology company na tinayo sa Kuala Lumpur, Malaysia noong 2012. Ito ay nagsimula bilang

MyTeksi at di-kalaunan ay pinangalanan bilang GrabTaxi, isang katulad na ride-hailing service ng Grab at Lyft sa United States. Di nagtagal, pinalawak nito ang ang kanilang operasyon sa iba pang mga bansa sa Timog-Silangang Asya. Kung kaya ito na ang itinuring na pinakamalaking super-app sa rehiyon. Ang mga serbisyong binibigay at inaalok ng Grab ay lumago na patungo sa food and delivery services, cashless at bills payment. Sa Pilipinas, ang punong opisina nito ay matatagpuan sa Chino Roces St., Lungsod ng Makati. Sa gitna ng krisis na pinalala ng pandemya, nakapagtala ng 39% na paglobo ng kita ang Grab at all-time high sales na aabot sa USD 507 million sa unang kwarto ng 2021. Bagamat may mga lockdown, nagawa pa rin nitong palawakin ang naabot ng kanilang serbisyo at partner stores.

Sa kabilang panig, ang Foodpanda ay isang online food at grocery delivery service platform na tinatag sa Singapore noong 2012. Noong 2016, ito ay nabili ng Delivery Hero, isang multinasyonal na online food ordering and delivery company na nakabase sa Germany, sa halagang USD 3 billion. Mula 2017, lumawak ang Foodpanda at inabot ang Asya kasama ang Japan. Inanunsyo ng Delivery Hero noong 2020 na bibilhin nito ang Woowa Brother Corporation, ang pinakamalaking online food delivery service sa South Korea, sa halagang USD 4 billion. Pagsapit ng Abril 2021, sa kasagsagan ng pandemya, ang hati ng Foodpanda sa sales mula sa online food mobile delivery apps sa bansa ay umabot na sa 70%.

Ang Lazada group naman ay isang international e-commerce company na kasalukuyang nasa kontrol ng Alibaba Group, isang multinasyunal na technology company. Ito ay tinatag noong 2012 at noong 2013, nilunsad nito ang kanilang online marketplace platform. Sa tulong ng Rocket Internet SE, isang Aleman na internet company, ito ay dinisenyo sa padron ng Amazon.com kung saan maaaring makapagbenta at makabili online ang mga mamimili. Noong Marso 2015, ito ay umabot ng USD 1.36 billion sa GMV. Dahil dito, ito ang naging pinakamalaking e-commerce company sa Timog-Silangang Asya. Nabili ng Alibaba Group ang controlling interest sa Lazada sa pamamagitan ng pagbabayad ng USD 500 million para sa new shares at aabot sa USD 500 para sa shares ng existing shareholders.

Ang Shopee ay isang online shopping platform na inilunsad ng isang kumpanya sa Singapore na Sea Limited, noong 2015. Tulad ng Lazada Marketplace, ito ay nagpadali at nagbigay-luwag sa pamimili at pagbebenta ng mga produkto online. Ang Shopee ay naging pinakanangungunang e-commerce marketplace sa Timog Silangang Asya. Sa datos nito noong Hunyo 2018, umaabot diumano sa 147.6 milyong buwanang views para sa kanilang app. Gayung nakapalaki ng paglago ang mga kumpanyang ito

sa panahon ng pandemya, hindi man lang naambunan ng biyaya ang mga manggagawa sa platform services.

**Mga Tinig sa Pagitan ng Pahinga at Paghinga**

Salbabida nga ba ang ganitong trabaho sa sumisinghapsinghap na kabuhayan ng mangagagawang Pilipino? Upang higit na maunawaan ang kongkretong kalagayan ng mga manggagawang napilitang pasukin ang gig economy, nagsagawa ang EILER ng mga panayam kasama ang mga manggagawang TNVS ng Grab, FoodPanda, at Lazada. Ang mga kinapanayam ay pawang mga lalake, edad 25 hanggang 55 taon at nagtatrabaho sa kani-kaniyang mga kumpanya sa nakalipas na di-bababa sa dalawang (2) taon. Sinikap ng EILER na kapanayamin ang isang babaeng TNVS worker ngunit ang nabanggit ay hindi nagpasyang di tumuloy sa panayam. Para sa mga konsiderasyong panseguridad at privacy, minabuti ng mga mananaliksik na di banggitin sa sulating ito ang tunay na mga pangalan ng mga kinapanayam. Ang panayam ay isinagawa sa pamamaraang ginabayang talakayan (focused group discussion). Dumalo sa talakayan ang ilang mga kontak ng EILER sa piling TNVS. Sa simula pa lamang ay inilinaw ng mga mananaliksik ang layunin ng talakayan at tiniyak sa mga dumalo ang paggalang sa kanilang mga karapatan sa malayang pamamamahayag at pribadong komunikasyon. Bagamat may malinaw na layunin at tiyak na balangkas na mga paksain at tanong, naging malaya ang palitan at pagpapahayag ng mga kalahok. Ang mga sumusunod na datos ay batay sa katitikan ng panayam at ipinabasa muli sa mga kalahok para sa mas tiyak na pagtatala.

"Si Bobby" (hindi niya tunay na pangalan) ay naging supervisor sa isang kumpanyang pang-imprenta sa loob ng 18 taon bago dumating ang pandemya. Sinabi niya na ang kanyang trabaho ay matatag ngunit kinikilala rin niya na dahil sa pagtaas ng digital at online platforms, apektado rin ang negosyo ng imprenta. Nahirapan ang kumpanya na magpatuloy nang dumating ang pandemya sa bansa at nang ipatupad ang lockdown noong Marso 2020. Sinubukan nilang mag-operate nang nabawasan ang mga paghihigpit, pero noong Agosto 2020, isinara na ang kumpanya.

Bago pa man isara ang kumpanyang pinagtrabahuhan niya, nagdesisyon na si Bobby na mag-apply bilang delivery rider sa Foodpanda. Mayroon siyang propesyonal na lisensya sa pagmamaneho maging sa motorsiklo kaya't natanggap siya noong Abril. Sa kanyang dating trabaho sa imprenta, kumikita siya ng PhP600 (US$12) sa isang araw. Bilang isang freelance delivery rider, kumikita siya ng nasa pagitan ng PhP800 hanggang PhP1,500

(US$16-30). Ibinahagi ni Bobby na mas gusto niya ang kondisyon ng kanyang kasalukuyang trabaho dahil sa kaibahan nito sa kanyang dating trabaho sa pag-iimprenta. Sa pagiging delivery rider,may kalayaan siyang pumili ng oras ng pagtatrabaho. Bagaman maaaring kumita si Bobby ng hanggang PhP1,500 sa loob ng walong oras ng trabaho sa magandang araw, ang kundisyon ay nakarehistro rin siya sa iba pang online delivery apps tulad ng Lazada at Grab.

May mga araw na nakapaghatid si Bobby ng hanggang 200 na parcels kada shift para sa Lazada at sa ibang araw ay naghahatid siya ng pagkain para sa Foodpanda at GrabFood. Kadalasan ay lahat ng uri ng *delivery* para sa iba't ibang platform ang ginagawa niya upang maabot ang kanyang pang-araw-araw na kita. Ang napakababang sahod ng mga kumpanyang ito ay nangangahulugang malinaw na hindi sapat na magtrabaho para lamang sa isang platform upang masagot ang kanyang mga gastusin sa pagmamaneho at sa pang-araw-araw na pangangailangan ng kanyang pamilya.

***Ang kawalan ng relasyong empleyado at employer ay nangangahulugan din ng kawalan ng mga benepisyo at insentibo.***

Ang mga delivery rider tulad ni Bobby ay itinuturing na independent contractors. Hindi palaging ganito ang sitwasyon ayon kay "CJ" (hindi ang kanyang tunay na pangalan), isang dating traffic enforcer, na nagtatrabaho sa Shopee sa loob ng limang taon. Sinabi niya na nang siya ay matanggap sa pamamagitan ng isang ahensiyang tinatawag na GoGo Express, siya ay itinuturing na empleyado at nakatanggap ng nakapirming sahod, benepisyo, at iba pang mga insentibo kasama na ang gas allowance. Dalawang taon na ang nakalipas, nagbago ang Shopee ng business model nito at ginawang rider-partners ang kanilang mga delivery rider. Ang mga antas ng sahod ng Shopee delivery rider-partner ay hindi nakabatay sa distansya ng paghahatid sa mga drop-off points. Ngayong marami na rider-partners na tulad niya, nagagawa lang niyang maghatid ng 20 parcel deliveries kada araw na nagkakahalaga ng PhP20 para sa regular pouches at PhP30 hanggang PhP45 para sa mas malalaking pouches. Ang mga rider tulad ni CJ ay maaaring makatanggap ng isang araw na booking na may halagang kahit pito hanggang walong parcels lamang. May mga pagkakataon pa nga na hindi binibigyan ng booking ang ilang mga rider dahil sa dami nila. Ang kanyang PhP400 na kita ay mas mababa sa National Capital Region na PhP537 na minimum na sahod kada araw at mas malayo pa sa Family Living Wage ng P1,072 na ayon sa IBON Foundation, ay hindi pa sapat

upang masagot ang gas at iba pang gastusin sa bawat *delivery*. Kaya naman napilitan si CJ na magrehistro sa isa pang delivery company na nasa ilalim rin ng Shopee na tinatawag na Shopee Express.

Bilang isang four-wheel rider para sa Shopee, ang 36-anyos na si "Teddy" (hindi tunay na pangalan) ay mayroong parehong saloobin kay CJ. Walang mga benepisyo at incentives para sa kanila o kahit allowance man lang para sa pagmentina ng kanilang mga pribadong sasakyan na kailangan magkarga ng mabibigat at magkakaibang mga bagay na kanilang dadalhin. Ayon kay Teddy, ang PhP600 ay malaking na halaga para sa buong araw na *delivery*. Sa kabilang banda, ang kanilang mga helper ay nakakatanggap lang ng PhP300 (US$6) kada araw sa pangkaraniwan.

Ang mga nabanggit na riders at Grab cyclists na nakausap (na ang mga inputs ay kasama rin sa mga sumusunod na bahagi) ay nagbigay rin ng kanilang opinyon sa iba pang mga kahirapan ng pagiging tinatawag na *independent contractors*. Kinikilala niya ang mga panganib ng palaging nasa kalsada. Sa isang pag-aaral ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), ang mga motorsiklo ay nakapag-ambag ng higit sa kalahati ng 394 road crash deaths noong 2019. Ang mga aksidente na *fatal* at *non-fatal* na kinasasangkutan ng mga motorsiklo ay tumaas mula sa 18,668 noong 2015 hanggang 31,279 noong 2019. Karamihan sa mga kumpanya tulad ng Foodpanda at ang iba pang negosyong *online delivery* ay walang *health insurance* o *hazard pay* para sa kanilang mga riders.

### *Pleksible ang oras ng trabaho pero mas mababa naman ang sahod*

Si "Alex" (hindi tunay na pangalan) ay isang healthcare worker na naka-destino sa isang ospital bago mag-pandemya. Nagsimula siyang magtrabaho bilang isang *delivery cyclist* para sa Grab dalawang linggo bago pa man magkapandemya sa bansa. Ang flexible working hours at mas mataas na sahod ang nakaakit sa kanya na lumipat mula sa pagtatrabaho sa ospital na maaaring magdulot sa kanya ng impeksyon sa *virus* patungo sa kanyang inakala na mas maginhawang trabaho. Ibinahagi ni Alex na dati ay kumikita siya ng PhP1,500 (US$30) sa loob lamang ng apat hanggang limang oras. Ganito rin ang nangyari kay "Gaby" na dati ay musikero at kay "Tristan" na dati ay real estate agent at ama ng tatlo (hindi nila tunay na pangalan).

Sa panahon ng pandemya noong Abril 2020, ang mga delivery cyclist sa ilalim ng GrabFood Philippines ay kumikita ng PhP79 kada biyahe. May mga manggagawa na kumikita ng hanggang PhP800 sa loob lamang ng

anim na matagumpay na *delivery*, halos PhP300 pang mataas sa walong oras na minimum na sahod sa bansa. Ngayon, kumikita sila ng kasing-konti ng PhP48 sa bawat *delivery* sa loob ng 5 kilometro. Sinasabi ng mga siklista na nagbago ang mga rate nang walang abiso. Pati ang mga *incentives* na nagbibigay sa kanila ng maksimum na PhP770 para sa bawat 11 na matagumpay na *delivery* ay nagkakahalaga lamang ngayon ng PhP390 para sa parehong bilang ng mga biyahe.

Maliban sa mababang sahod at kawalan ng kaseguruhan at benepisyo, nagreklamo rin ang mga riders tungkol sa kawalan ng proteksyon kapag may mga aberya sa sistema, mga pekeng booking, at mga pekeng ulat. Kailangan ng mga Grab *delivery worker* na magbayad muna ng pera para sa mga in-order na produkto bago sila bayaran matapos magtagumpay na *delivery*. May mga sitwasyon kung saan nagreklamo ang mga customer tungkol sa mga hindi nagtagumpay na *delivery* kahit na natanggap nila ang kanilang mga orders. Ang halaga ng order ay awtomatikong kinakaltas sa kanilang kinita. Ganito rin ang patakaran na ipinatutupad para sa Shopee at Lazada.

Nagdudulot din ang negatibong rating ng problema para sa mga Grab worker lalo pa na wala naman silang kontrol sa gawi ng mga customer. Kapag nakatanggap sila ng mababang rating, nababawasan ang kanilang tsansa na makatanggap ng susunod na  booking ng mga orders.

***Mandatoryong pagbili ng branding materials ng mga kumpanya.***

Ang mga ‘independent contractors’ ay kailangang magpaluwal ng sarili nilang  mga kagamitan (halimbawa: sasakyan, smartphones, mobile data, safety gears). Isang delivery rider ang nagbahagi na nagrekomenda rin ang Grab sa kanilang ‘partners’ na bumili ng *dri-fit shirts* na may logo ng kumpanya at kinakailangan din ang pagbili ng *thermal bags* na may logo ng kumpanya, na maaaring magkakahalaga ng hanggang PhP2,500.

Ito ay isang modelo na ipinatutupad ng Grab. Sa Grab Singapore website sa ilalim ng GrabFood Delivery-Partner Gear (https://www.grab.com/sg/gfgear/), hinihingi ng kumpanya sa mga aplikanteng delivery rider mula pa noong Oktubre 13, 2019 na bumili ng GrabFood gear package upang maging ganap na GrabFood Delivery-Partner.

Samantala, ang singil ng Foodpanda company sa delivery riders para sa isang malaki at isang maliit na thermal bag at dalawang dri-fit shirts ay

nagkakahalagang PhP3,000 (US$60). Kinakailangan din nilang magbayad muli para sa mga nasirang gamit. Pinarerentahan naman ng Lalamove company sa mga delivery riders ang kanilang thermal bags para sa halagang PhP200 (US$4) kada buwan, na maaaring magkakahalaga ng hanggang PhP2,400 sa loob ng isang taon.

Mabigat na pasanin ang mga presyong ito para sa mga delivery riders, hindi lamang dahil sa kamahalan at kawalan ng saysay ng mga ito, kundi dahil malaking bawas ito sa kanilang take home pay.

### *Walang unyon, walang welga*

Itinuturing daw bilang 'partners' ng mga korporasyon pero ang totoo'y walang karapatan sa samasamang pakikipagtawaran ang mga *platform workers* sa *gig economy.* Ni hindi nga sila mabigyan ng mekanismo para makapagreklamo sa mga korporasyon. Noong Nobyembre 2020, daan-daang dismayadong Grab cyclist ang nagpasya na idulog ang kanilang hinaing sa opisina ng Grab sa kabila ng mga banta ng management na sila ay sisisantehin kapag nagprotesta. Ayon sa mga Grab cyclists, paano sila masisisante gayong hindi naman sila itinuturing na empleyado ng Grab kundi "independent contractors" at itinatanggi ang relasyong employer-employee sa pagitan nila. Patunay ito sa mapagsamantalang pag-iempleyo sa Grab cyclists.

Masahol pa, mapanupil itong gumawa ng mga ganting-taktika sa mga manggagawang nagtangkang mag-organisa at maggiit ng kanilang mga karapatang mangagagawa. Noong Hulyo 2021, hindi bababa sa isang daang Foodpanda riders sa Davao City ang sinuspinde ng 10 taon matapos magprotesta laban sa mga kaltas sa sahod. Pero nang sila ay kumprontahin, sinisisi ng Foodpanda Philippines ang suspensyon sa isang teknikal na glitch sa kanilang sistema. Ayon kay "Bobby", ang "offboarding" o pagsususpinde sa *account* ng isang rider ay isang karaniwang pangyayari at kadalasang nangyayari kapag nagreklamo ang mga rider tungkol sa mga patakaran ng kumpanya.

Nakikita ng mga rider na hindi makatwiran ang panggigipit at pagbabawal ng mga online-based TNVS na kumpanya sa kanilang mga independent partners na magbuo ng sariling organisasyon o unyon dahil itinuturing silang mga independent contractors. Sa kabuuan, ang *offboarding* at iba pang mga parusa ay simpleng mga pinabangong katawagan lamang. Ang kumpanya pa rin ang may kapangyarihan sa kalagayan ng trabaho ng mga

manggagawa at maaaring putulin ang ugnayan nila sa kanilang mga rider kapag nakita nilang kinakailangan, tulad ng nangyari sa mga Foodpanda rider sa Davao. Sa tuwina, ang mga alalahanin ng mga manggagawa ay binabalewala dahil sa napakalawak na hukbo ng reserbang paggawa na nasa kamay ng mga kumpanya. Ipinapanakot sa mga manggagawa na kung hindi sila komportable sa kalagayan ng kanilang trabaho, pwede silang umalis, at madali naman silang mapapalitan ng iba.

Ang mga banta ng suspensyon ay hindi nakatinag sa mga manggagawa na magkaisa at mag-organisa ng kanilang hanay. Ang mga siklista ng Grab na nagprotesta noong Nobyembre ay patuloy sa kanilang pagsisikap sa pamamagitan ng pagbuo ng Grab Cyclists United. Patuloy silang nakikipag-ugnayan sa kanilang mga kasamahan at umaasa na mag-*lobby* sa Kongreso para sa mas magandang mga kondisyon sa pagtatrabaho. Isa sa kanilang mga pangunahing alalahanin ay ang makatarungang sahod at insentibo, kaseguruhan at mga benepisyo, at isang tamang sistema na sinisigurong hindi naaapektuhan ang kanilang sahod kapag may pagbabago sa mga patakaran.

### *Tugon ng Pamahalaan (o kawalan nito)*

Sa patuloy na paglago ng gig economy, ang proteksyon para sa mga manggagawa ay lalo pang naging mahalaga. Noong Hulyo 2021, inilabas ng Department of Labor and Employment ang kanilang Labor Advisory No. 14 Series of 2021 na dapat sana'y tutugon sa mga kondisyon ng pagtatrabaho ng mga delivery rider sa food delivery at serbisyong courier na gumagamit ng mga digital na apps.

Pinapaulit-ulit lamang ng kautusan ang *test of employment* upang matukoy kung angkop ang batas sa paggawa sa sitwasyon ng mga manggagawa sa TNVS. Liban dito, binabanggit din sa kautusan ang mga benepisyong dapat matanggap ng mga empleyado mula sa kanilang mga employer. Kulang sa pangil o walang kapangyarihan ang labor advisory na protektahan ang mga karapatan ng mga driver sa TNVS at patawan ng parusa ang mga kumpanya na lumalabag sa kanilang mga karapatan. Mayroon pa ring ilang kakulangan sa kasalukuyang batas upang protektahan ang mga uri ng mga manggagawang ito.

Bago pa ang labor advisory, noong ika-25 ng Marso 2021, pinagtibay ng Kongreso sa ikatlo at huling pagbasa ang HB 8817 o ang "Freelance

Workers Protection Act;" isang panukalang batas na naglalayong tugunan ang kalagayan ng mga manggagawa sa gig economy. Sa batas na ito, ang mga freelance workers ay tinutukoy bilang:

> "ang sinumang natural na tao o entidad na binubuo ng hindi hihigit sa isang (1) natural, maaaring rehistrado sa ilalim ng Securities and Exchange Commission, rehistrado bilang isang solong may-ari sa ilalim ng Department of Trade and Industry (DTI), o rehistrado bilang self-employed sa Bureau of Internal Revenue (BIR), na inuupahan o kinakapanatili upang magbigay ng serbisyo, kapalit ng kompensasyon, bilang isang independent contractor, na magtrabaho ayon sa sariling pamamaraan at hindi sumasailalim sa kontrol ng nangungupahang partido, maliban lamang sa resulta ng trabaho."
>
> ["any natural person or entity composed of no more than one (1) natural, whether incorporated under the Securities and Exchange Commission, registered as a sole proprietorship under the Department
> of Trade and Industry (DTI) or registered as self-employed with the Bureau of Internal Revenue (BIR), who is hired or retained to provide services, in exchange for compensation, as an independent contractor
> to do work according to one's own methods and without being subjected to the control of the hiring party, except only as to the results of the work;"]

Ang panukalang batas ay nag-uutos sa mga employer na magbigay ng nakasulat na kontrata na nagtatakda ng halaga ng bayad, iskedyul, at paraan ng pagbabayad, pati na rin ang mga serbisyong ibibigay ng freelance worker. Ito rin ay nag-uutos sa employer na magbigay ng *night differential* na hindi bababa sa 10% ng bayad kada-oras ng freelance worker, pati na rin ng *hazard pay* na 25% ng kabuuang bayad para sa panahon ng pagtatrabaho na nakasaad sa kontrata. Ang panukalang batas ay nagbabawal din sa mga employer na gumanti sa freelance worker na maghahain ng reklamo o magsasagawa ng sibil na kaso laban sa anumang paglabag. Kasalukuyan ding tinatapos ang katumbas na panukalang batas nito sa Senado, ang SB 1810.

Bagaman itinuturing ng mga mambabatas na ang panukalang batas ay isang hakbang tungo sa pagsuporta sa mga freelance worker, kapos ito sa pagtugon sa mga pundamental problema ng mga manggagawa sa

ilalim ng gig economy. Bagamat mahalaga ang mga benepisyo tulad ng *hazard pay* at *night shift differentials* para sa mga manggagawang ito, ang kanilang hinihiling ay pantay na bayad para sa halaga ng trabaho. Bukod dito, hindi sapat na tinatalakay ng panukalang batas ang isyu ng seguridad sa trabaho. Bagaman ang ilan sa mga manggagawang nasa gig economy ay nagtatrabaho bilang part-time maliban sa kanilang regular na trabaho, karamihan sa kanila, lalo na ang mga nasa TNVS, ay nagtatrabaho ng higit sa 8 oras para sa kanilang mga kumpanya. Ang kakulangan ng seguridad sa trabaho ay nagpapahintulot din sa walang-habas na paglabag sa kanilang mga karapatan tulad ng malayang pag-oorganisa.

**Ang Pag-unlad ng Teknolohiya at Kapitalismo**

Mahigit 250 taon na ang nakakaraan nang maganap ang Unang Rebolusyong Industriyal o First Industrial Revolution kasabay ng pag-usbong ng kapitalismo at ng pangangailangan nitong higit na magpalaki ng tubo sa pamamagitan ng pagpapabilis ng produksyon. Sa pagkakatuklas ng *steam engine*, lumaganap sa mga industriya sa Europa at Hilagang Amerika ang mekanisasyon na nagpaunlad sa pagmamanupaktura at lubusang nagpalakas sa kanilang ekonomiya. Bagamat bentahe ng mga kapitalista ang teknolohiyang magpapalaki ng kanilang tubo, hindi naman ito sinang-ayunan ng mga manggagawang nailagay sa panganib ang trabaho at kahit mismong mga manggagawa dahil sa pagpasok ng mga makina.

Pinangunahan ng isang grupo ng mga manggagawang Ingles na tinawag na Luddites ang pagwasak sa mga makinarya ng tela bilang protesta sa pinaniniwalaan nilang hindi makatwirang pag-agaw sa kanilang trabaho. Sa katotohanan, hindi lamang simpleng pag-agaw sa kanilang trabaho ang nilabanan ng mga manggagawa kundi ang malawakang kawalan ng trabaho at kawalan ng kakayahan ng pag-abante ng teknolohiya na makapagbigay ng mas magandang buhay para sa karamihan na patuloy na nasasadlak sa kahirapan. Mahalagang tandaan na sa buong kasaysayan ng mga Rebolusyong Industriyal, umigting ang mga tunggalian sa pagitan ng mga nagmamay-ari ng teknolohiya at ng mga manggagawang naglapat ng lakas paggawa upang likhain ang mga produkto.

Sa loob lamang ng hindi hihigit sa 300 taon, sumailalim ang pandaigdigang produksyon sa tatlong Rebolusyong Industriyal. Ang Ikalawang Rebolusyong Industriyal  na naganap sa huling bahagi ng ika-19 na siglo at naging kaalinsabay ng pagkakatuklas sa mga bagong uri ng enerhiya, tulad ng gas, langis, at elektrisidad. Samantala, ang Pangatlong Rebolusyong Industriyal

ay naganap noong huling bahagi ng 1900s at minarkahan ng pagkakaimbento sa kompyuter maging ng iba't ibang uri ng elektroniks at telekomunikasyon. Ang kompyuter ang naghawan ng landas para sa awtomasyon ng mga prosesong industriyal habang ang mga pagbabago sa telekomunikasyon ay nagbukas ng pintuan para sa malawakang globalisasyon. Ang tinaguriang Digital Revolution na ito ang naging tuntungan para sa digitalisasyon.

### Ang "ika-4 na" Rebolusyong Industriyal?

Kadalasang iniuugnay ang diumanong Ika-4 na Rebolusyong Industriyal sa mga tinatawag na cyber-physical system at pag-unlad sa Artificial Intelligence at robotics. Ito rin ay tinatawag na **Industry 4.0 o 4IR**, na unang ipinakilala sa Alemanya noong 2011 bilang **Industrie 4.0**, upang gawing mas kompetitibo ang pagmamanupaktura ng Alemanya sa pandaigdigang merkado. Ang Industry 4.0, na ngayon ay madalas ng gamiting salita sa iba't-ibang panig ng mundo, ay itinutulak ang digitalisasyon ng industriya, mula sa pabrika hanggang sa pamilihan, at maging sa lahat ng aspeto ng buhay ng tao, tungo sa lubusang pag-alis ng pangangailangan para sa paggawa ng tao. Kaya naman, ito ay nangangailangan ng ganap na awtomasyon sa lahat ng aspeto ng produksyon.

Mula sa mga sasakyang kayang imaneho ang sarili, facial recognition technology, mga virtual assistants tulad ng Alexa ng Amazon at Siri ng Apple, mga nanochip na nakabaon sa katawan ng tao upang hanapin ang cancer, hanggang sa mga teknolohiya sa bahay (smart appliances) na nagpapatakbo ng mga elektroniks sa isang pitik lamang ng mga daliri, ang mga pangako ng Ika-Apat na Rebolusyong Industriral ay tila walang katapusan. Naging mas mabilis ang mga pabrikang nagpapatakbo ng mga prosesong gumagamit ng teknolohiya ng Industry 4.0 dahil sa integrasyon ng mga makina na kayang makipag-usap sa isa't-isa. Ang walang patid na komunikasyon ng pagmamanupaktura sa buong supply chain, lokal man o pandaigdigan, ay naging posible sa pamamagitan ng tinatawag na **Internet of Things (IoT)**. Ang Internet of Things ay isang pangunahing bahagi ng Industry 4.0. Sa madaling salita, ito ay tumutukoy sa isang sistema ng mga kagamitan o *devices* (things) na may koneksyon sa internet at kayang makipagpalitan ng datos sa iba pang kagamitan. Nabuo mula sa konseptong ito ang mga abanteng makina o smart machines na kayang sumubaybay at magkontrol ng mga proseso upang mapataas ang kapasidad ng pagawaan nang hindi na kailangan ang tulong ng tao. Habang mas maraming datos ang nakokolekta, mas umuunlad din ang mga proseso ng produksyon dahil nababawasan ang posibilidad ng pagkakamali mula sa tao. Ang mga

pabrika ay kayang patakbuhin at masubaybayan kahit mula sa malayong lugar at ang lahat ng pagsasaayos ay maaaring gawin mula lamang sa isang application ng smartphone.

Galak na galak ang mga industriyalista at malalaking kapitalista sa pagdating nitong bagong rebolusyong industriyal dahil pinapahusay nito ang produksyon at nagpapadali ng mga proseso, na siya namang nagpapababa ng mga gastusin sa produksyon. Gayunpaman, mas marami ang mga pag-aalinlangan at matinding pangamba tungkol dito. Hindi madaling lubusang maunawaan ang Industry 4.0 at ang kabuuang aplikasyon nito ay hindi pa ganap na nauunawaan. Ayon sa ilang kritiko, upang magdulot ng episyenteng produksyon, hindi ito maaaring umiral nang mag-isa (J Müller & Voigt, 2017 na tinukoy sa Sony, 2020). Ang lubusang digitalisasyon ng produksyon ay hindi agarang magiging posible dahil sa hindi pantay na pag-unlad ng iba't ibang mga empresa. Limitado ang kapital ng mga maliliit at panggitnang negosyo, na mahalagang kalahok sa iba't-ibang industriya subalit maaaring hindi makasabay sa kabuuang digitalisasyon ng produksyon.

Isang mahalagang usapin tungkol sa Industry 4.0 ay ang epekto nito sa paggawa at empleyo. Dahil mas lalong nagiging sopistikado ang mga ICT, ang ilang gawain na dati ay ginagawa ng tao ay madali nang nagagawa ngayon ng mga computer sa pamamagitan ng mga awtomatikong proseso. Bukod pa rito, ang interaksyon sa pagitan ng mga makina o ***Machine-to-Machine interaction*** ay posible na rin sa pamamagitan ng paggamit ng cloud computing at IoT. Inaalis nito ang pangangailangan para sa ilang uri ng trabaho lalo na sa sektor ng pagmamanupaktura. Sinasabi ng mga tagapagsulong ng Industry 4.0 na bagama't mayroong mga trabahong hindi maiiwasang mawala, may mga bagong uri ng pangangailangan para sa paggawa na uusbong. Maaari man itong maging totoo, isa pa ring usaping ang pag-angkop ng kakayahan ng mga manggagawa sa mga bagong pangangailangan ng merkado. Isang posibilidad ang napakalaking pagbabago at pag-unlad sa ilang mga uri ng trabaho. Gayunpaman, maaari rin itong mangahulugan na aasahan ang mga manggagawa na gumampan nang higit sa dati at sa mas maikling panahon. Magiging bahagi na lamang ang manggagawa sa mga smart machine na parang isang piyesa sa pagtakbo nito.

Isa pang usapin ay kung paano nakaaapekto ang Industry 4.0 sa kalidad ng trabaho at sahod. Maaaring ang ilang mga trabaho na itinuturing noon bilang "skilled labor," lalo na sa larangan ng IT, ay unti-unting ituring na mababa ang halaga. Ang hindi pantay na oportunidad upang makasabay sa mga pagbabagong kinakailangan ng industriya ay malamang magdudulot

ng pagtaas ng bilang ng walang trabaho at higit na palalawakin ang hukbo ng reserbang lakas paggawa, na sa huli, maaaring magpababa pang lalo sa sahod. Sa mahigpit na kontrol ng mga korporasyon sa paggamit ng teknolohiya, lulusawin ng mga higanteng kumpanya sa teknolohiya ang milyun-milyong mga trabaho habang pinapaboran ang mga mayayaman.

Itinuturo sa atin ng ekonomyang pampulitika na patuloy na umuunlad ang mga kasangkapan at teknolohiya (na kolektibong tinatawag na 'kagamitan sa produksyon') sa pamamagitan ng paggawa ng tao. Ngunit upang mapakinabangan ng tao ang mga kasangkapan at makalikha ang lakas paggawa ng mga pangangailangan, hindi maiiwasan na makipag-ugnayan sila sa isa't-isa at bumuo ng mga panlipunang relasyon. Ang mga relasyong ito ay itinatakda ng mga sumusunod: sino ang may-ari ng mga kagamitan sa produksyon, sino ang nakikilahok sa produktibong paggawa, at sino ang nakakakuha ng mga produkto ng lakas paggawa. Ang pagmamay-ari ng mga kagamitan sa produksyon ay primaryang nagtatakda kung sino ang gagampan ng paggawa at sino ang makakakuha ng mga produkto nito.

### *Ang pag-usbong ng neoliberal na globalisasyon at ibayong pagtindi ng hindi pagkakapantay-pantay*

Mahalagang mabigyang diin kung paano binigyang daan ng neoliberal na globalisasyon ang pag-unlad ng Industry 4.0 at ng pandaigdigang kapitalistang ekonomiya sa pangkalahatan. Sa pamamagitan ng ganitong pananaw, maari ring suriin nang malalim ang pag-usbong ng gig economy at mga kumpanya ng digital platform. Mahalaga rin tandaan na ang Rebolusyong Industriyal na naganap mula ika-18 hanggang ika-19 na siglo ay itinuturing pa rin ng mga kritiko ng Industry 4.0 bilang tanging rebolusyon na nagmarka ng transpormasyon ng mga kasangkapan sa produksyon. Noong Unang Rebolusyong Industriyal naganap ang mga radikal na pagbabago kung saan nagsimulang maitatag ang mga burgis na estado sa Europa at lubusang nalansag ang mga pyudal na relasyon sa lipunan. Ito ang naging daan upang magkaroon ng ganap na paghahari ang uring kapitalista at isinilang ang bagong panahon ng kapitalismo.

Ayon sa Marxistang ekonomistang si Samir Amin (2003), binabago ang organisasyon ng trabaho sa bawat rebolusyong teknolohikal. Ibig sabihin, bawat yugto na lumipas bago makarating sa Industry 4.0 ay naging paraan upang higit na makapagkamal ng kapital ang malalaking kapitalista sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng mga paraan ng pagpiga sa lakas-paggawa. Ang pagsiklab ng Unang Rebolusyong Industriyal ay nakabatay

sa mabilis na kolonisasyon ng Amerika, Africa at Asia, na nagresulta sa mas mabilis na pag-akumula ng kapital para sa mga bansa sa Europa. Naging malaki rin ang impluwensiya ng pagpasok ng kuryente, combustion engine, at langis. Sa panahon ding ito nakita ang paglitaw ng mga oligarkiya sa pinansya at industriya pati na rin ng mga transnasyonal na korporasyon. Higit pang lumawig ang pag-akumula ng kapital at paglawak ng teritoryo bunga ng paglaganap ng kapitalismo sa buong mundo. Ang pag-unlad ng teknolohiyang kontrolado ng mga mayayaman at ang akumulasyon ng kapital ay mahigpit na kaugnay ng krisis ng labis na produksyon. Ang krisis noong 1873-1896, na tinawag ni Amin na *fin de siècle crisis*, ay naglantad sa labis na akumulasyon ng kapital na direktang nagluwal sa mga monopolyo at modernong imperyalismo. Pinuwersa ng mga kapitalistang bansang nalugmok sa krisis ang paghahati-hati ng mga teritoryo sa pamamagitan ng digmaan at pananakop.

Uminog ang Keynesianismo bilang padron ng pandaigdigang ekonomiya matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Tampok sa mga patakaran nito ang estratehiyang pump-priming sa ekonomya at aktibong interbensyon ng gobyerno sa pamilihan. Ang sumunod nitong pagbagsak ay nagtulak upang lumikha ng bagong padron sa ekonomiya na dumulo sa pagbalik sa klasikal na ekonomiyang liberal na isinulong nila Mielton Friedman at Friedrick von Hayek. Tampok na katangian nito, na pinakete bilang ‘neoliberalismo”, ang malaya at episyenteng daloy ng kapital. Pinaliwanag ni Harvey (2005) kung paanong ang neoliberalismo ay agresibong nagtanggal ng regulasyon sa mga pamilihan at nagpatindi sa komersyalisasyon ng serbisyo. Sa tabing ng malayang kalakalan at globalisasyon, ang mga ekonomiya ay nagbukas at mahigpit na nakawing sa Global Value Chain (GVC). Ang neoliberalismo ang tugon ng monopolyo kapital sa pangangailangan na makabangon matapos ang digmaan. Samantala, pinadali ng mga institusyon tulad ng World Bank, International Monetary Fund, at World Trade Organization ang daloy ng kapital sa pamamagitan ng pagpapataw ng mga structural adjustment program (SAP) at pagtutulak ng liberalisasyon ng kalakalan sa mahihirap ng mga bansa. Sa pagsapit ng digital age, naging mas malawak ang daluyan ng kapital at ibayong bumilis lalo pa’t higit nang nakakawing ang mga trabaho at industriya sa Information Technology (IT).

Sa kabilang banda, ang neoliberalismo ay lalong nagpababa sa sahod, nagpatindi sa mga atake sa batayang karapatang manggagagawa laluna sa pag-uunyon, at nagpalala sa di-makataong kondisyon sa paggawa. Ang mga unyon ay binuwag at ang pagwewelga ay ginawang iligal. Kinakitaan din ito ng pag-usbong ng mga iskema ng pleksibilisasyon sa paggawa tulad kontraktwalisasyon at kaswal na paggawa. Sa pinakabuod,

nilalayon ng neoliberalismo ang pagkamal ng labis na tubo mula sa pagpiga sa nililikha ng mga manggagawa para sa ibayong pagpapalaki pa ng kapital. Ang paghahati ng yaman sa mundo ay higit na naging pabor sa mga pinakamayayaman. Ang isang porsyentong (1%) pinakamayayaman na tao sa mundo ay nagmamay-ari ng yamang higit doble sa yaman ng 6.9 bilyong tao sa daigdig (Oxfam, 2020). Sa kabilang panig, umaabot sa 220 milyon ang walang trabaho at 165.5 milyon ang kulang sa trabaho. Sa ulat ng International Labor Organization (ILO), ang mga bansang kabilang sa sampung may pinakamalubhang kalagayan sa paggawa ay mga bansang lugmok sa kahirapan at nasa gitna ng mga armadong tunggalian na kinakatangian ng papataas na inequality. Lalo pa itong pinalalala ng neoliberal na mga patakaran. Habang tumitindi ang pagsasamantala sa paggawa upang magkamal ng sobrang tubo, lalo ring umiigting ang panunupil sa mga manggagawa at sa kanilang mga unyon.

Sa pagtatapos ng ika-20 siglo, itinulak ng neoliberalismo ang pandaigdigang ekonomiya sa kumunoy ng krisis at sa gitna nito umusbong ang Industry 4.0. Ang mabilis na pag-abante sa larangan ng IT na pinangingibabawan ng malalaking korporasyon sa teknolohiya ay lalong nagpaigting sa opensibang neoliberal at pagkamal ng tubo. Sinamantala ng mga pinakamayayaman sa daigdig ang integrasyon ng modernong teknolohiya patungo sa papatinding ispekulasyon sa pamilihan at financialization.

**Ang Kalagayan mga Manggagawang Pilipino**

Pinalubha ng deka-dekadang neoliberalisasyon ang kahirapan at kaapihan ng mga manggagawang Pilipino. Ang tantos ng kawalan ng trabaho at underemployment sa Pilipinas ay isa sa pinakamataas sa Asya. Bago ang pandemya, ang tantos ng kawalan ng trabaho ay pinakamataas na sa 5.3% habang ang underemployment ay nasa 16.4%. Ang mga iskema ng pleksibilisasyon, patikular ang kontraktwalisasyon ay higit na lumaganap. Tatlo sa limang (3 out 5) manggagawa sa pribadong sektor ay kontraktwal. Sa sektor ng konstruksyon – isa sa pinakamalaking sektor sa ekonomiya ng bansa – 9 sa 10 manggagawa ang kontraktwal. Kahit sa pampublikong sektor, umaabot sa 600,000 ang nakapailalim sa Job Order or Contract Service batay mismo sa istadistika ng pamahalaan. Mayroon ding 24.4 milyong mga Pilipino ang may mababang pasahod na may kakarampot or di kaya'y walang tinatanggap na benepisyo noong 2016.

Lalong napagkakaitan ang mga di-regular na manggagawa ng karapatan sa seguridad sa trabaho at akses sa mga panlipunang benepisyo. Mas

masahol pa, sila ay ginigipit para hindi makasali o makabuo ng unyon. Sa kabila ng pangako ng administrasyong Duterte na wawakasan na nito ang kontraktwal na paggawa, lalo pa nitong binigyang basbas ang naturang iskema sa pamamagitan ng DOLE Department Order No. 174, na pagpapalakas lamang sa mga probisyon ng naunang DOLE Department Order No. 18-A, s. 2011.

Tinutukoy ng pleksibilisasyon ng paggawa ang mga pagbabago sa organisasyon ng paggawa bunsod ng paggamit ng bagong teknolohiya sa produksyon at mga pamamaraan sa human resource management na nilikha upang paigtingin ang pagpiga ng dambuhalang tubo na itinutulak naman ng mas matindi at marahas na pandaigdigang kompetisyon. Nakapaloob sa pleksibilisasyon ang mga iskemang tulad ng labor-only contracting, subcontracting, pag-eempleyo sa mga kontraktwal at iba pang kaayusan na nagbibigay kakayahan sa mga kapitalista na mabilisang mabago ang dami ng kanilang ineempleyo batay sa pangangailangan. Kalakip din dito ang mga iskemang multi-skilling, job-levelling, teamwork, shared services, at iba pang mga katulad ng kaayusan sa paggawa. Ito ay ipinatutupad sa loob ng isang kumpanya sa pagitan ng mga magkakaugnay na kumpanya na nagbibigay luwag sa mga kapitalista na maglipat at magbalasa ng mga manggagawa sa lugar paggawa upang umangkop sa bagong mga pangangailangan sa produksyon ayon sa pabagu-bagong kahingian ng consumer market. Sa neoliberalismo, ang pleksibilisasyon sa paggawa, tulad ng liberalisasyon, pribatisasyon, at deregulasyon, ay itinatambol di lamang bilang di-maiiwasan kundi positibo at progresibong rekisito ng “pandaigdigang kompetisyon” (EILER, 2000).

Pangunahing layon ng neoliberal na mga patakaran ang isagad sa pinakamababa ang sahod ng mangagagawa at palakihin ang dagdag na kapital para sa mga malalaking kapitalista. Sa ganitong sitwasyon, tiyak na patuloy na babaratin ang pasahod sa mga manggagawa. Batay sa mga mismong tala ng gubyerno, walang signipikanteng pagtaas ang sahod sa nagdaang dekada at ang ilang pagtaas sa nominal na minimum na pasahod ay hindi man lamang nag-ahon sa miserableng pamumuhay ng mga manggagawa.

Pinakabarat ang administrasyong Duterte kung pagbabatayan ang rekord nito sa pagpapataas ng sahod. Dalawang ulit lamang tumaas ang sahod at katumbas lamang ito ng PhP 46.00. Pero wala itong kabuluhan dahil walang patlang ang pagtaas ng presyo ng mga batayang produkto dahil sa patakarang deregulasyon ng pamahalaan at laluna buhat ng implementasyon ng Tax Reform Acceleration and Inclusion Law (TRAIN

Law). Sa simula ng pandemya noong 2020, ang tunay na sahod sa National Capital Region (NCR) ay bumababa ng PhP 11.00. Sa rehiyon ng Bikol na may pinakamababang halaga ng tunay na sahod, ito lamang ay aabot ng PhP 234.17/araw. Sa kabila ng pagsirit ng mga presyo ng bilihin at malawak na kawalan na trabaho, nananatiling bingi ang gubtyerno at nakabinbin ang petisyon ng mga manggagawa para sa dagdag na PhP 100/araw na minmum sa sahod.

Lalo ring tumindi ang represyon sa pag-uunyon at atake sa mga unyonista at mga tagapagtaguyod ng karapatan sa paggawa. Sa taunang tala ng International Trade Union Confederation noong 2021, kasama ang Pilipinas bilang isa sa 10 bansang may pinakamasahol na kalagayan para sa mga manggagawa. Ang demokratikong espasyo ng mga manggagawa ay lalong kumitid na makikita sa unti-unting pagliit ng bilang ng mga miyembro ng unyon at laluna ng mga Collective Bargaining Agreements (CBA). Ayon sa bagong tala ng pamahalaan, aabot lamang sa 187,638 manggagawa ay napapasailalim ng mga CBA na katumbas lamang ng 0.73% ng lahat ng sahurang manggagawa sa bansa. Ang pleksibilisasyon sa paggawa, atake sa mga unyonista, at ang pagbuwag sa mga unyon ay lalo nagpapahirap para makapagbuo ng unyon at sama-samang makipagtawaran. Dagdag pa, ang mapanupil na Anti-Terror Law ng 2020 ay nagbibigay basbas sa pandarahas ng pamahalaan sa mga unyonista, tulad ng intimidasyon at harassment, sa tabing ng pagprotekta sa pambansang seguridad. Ang pagpatay sa mga unyonista at mga tagapataguyod sa karapatan sa paggawa ay lalo ring sumidhi sa ilalim ng administrasyong Duterte. Isa sa mga pinakatampok sa mga kasong ito ang Bloody Sunday Massacre sa Timog Katagalugan na naganap noong ika-7 ng Marso, 2021. Sa nasabing masaker, siyam (9) na mga unyonista at aktibista ang pinaslang at anim (6) na indibidwal ang inaresto.

### Pangwakas

Sa lahat ng mga kalahok sa panayam, si “Bobby” lamang ang plano na manatili sa sektor ng gig economy nang mas matagal. Bilang nasa 48 taong gulang, hindi niya nakikita ang sarili na makakapagtrabaho pa labas sa mga app-based na kumpanya na kasalukuyan niyang pinapasukan. Tingin niya ay limitado na ang maari niyang pagpipiliang trabaho. Pero kalakhan ng nakapanayam ay nagsabing wala silang pangmatagalang plano na manatiling delivery rider at siklista dahil sa mga kondisyong pangtrabaho na kanilang nararanasan. Kapag natapos na ang pandemya, plano nilang maghanap ng mga regular na trabaho o maghanap ng trabahong may

kaugnayan sa kanilang mga propesyon, o mga trabaho na makapagtitiyak ng mas magandang kinabukasan para sa kanilang mga pamilya. Gayunpaman, nagkakasundo silang lahat na dapat magbago ang kondisyon, hindi lamang para sa kanila kundi para sa marami pang ibang manggagawa na napilitang sumabak sa gig economy dahil sa patuloy na paglala ng sitwasyon sa empleyo.

Ang teknolohiya ay dapat nagsisilbi sa lahat at hindi lamang para sa iilan. Naniniwala ang mga manggagawa na ang papel na kanilang ginagampanan ay mas naging mahalaga sa ilalim ng bagong kalagayan (*new normal)*. Iginiit din ng mga kalahok na bagaman ang mga pag-unlad sa teknolohiya, kabilang ang pagtaas ng mga app-based services, ay nagpapadali ng pang-araw-araw na buhay lalo na sa panahon ng pandemiya, hindi dapat mapag-iwanan ang mga manggagawa at ang kanilang mga karapatan. Bagaman malaki ang magiging pag-unlad at pagsulong ng produksyon sa pamamagitan ng digitization ng lahat ng aspeto ng industriya, nananatiling pagmamay-ari ng iilang kapitalista lamang ang mga inobasyon na ito. Ang pag-unlad ng teknolohiya sa karamihan ay kontrolado ng mga malalaking korporasyon, lalo na ng mga multinasyonal at transnasyonal na kumpanya, para tiyakin ang production efficiency at para pangalagaan ang kita. Sa sitwasyong ito, ang malalaking korporasyon ang tanging nakikinabang sa paglago ng produksyon samantalang ang mga manggagawa ay pinipilit na magtiis sa mumo.

Gahamang inaangkin ang dambuhalang kita at tubo ng mga mga kapitalista na siyang may-ari ng mga kagamitan sa produksyon. Ito ay lumilikha ng lumalaking agwat ng yaman sa pagitan ng karaniwang mga manggagawa at mga kapitalista. Ang malawakang produksyon sa isang lipunan na tinatanggalan ng kapangyarihan pang-ekonomiya ang mga manggagawa ay nagtutulak sa kanila sa alienasyon. Samakatuwid, hindi lubusang natatamasa ng mga manggagawa ang bunga ng kanilang paggawa. Ang kalagayan ng alienasyon ng paggawa ay nagdudulot din ng sitwasyon ng labis na produksyon na nagpapabilis at nagpapalala sa krisis ng kapitalismo.

Ang digitalisasyon sa lugar ng trabaho ay maaring nagresulta sa matinding sosyalisasyon ng produksyon subalit ibayo nitong pinahina ang sosyalisadong katangian ng paggawa. Ibig sabihin, umiiral ang pagsasanib ng mga industriya at ang pagpapaunlad sa kahusayan ng pagtatrabaho at produksyon sa isang indibidwalisadong larangan na napakatindi ng kompetisyon. Ang ganitong ‘race to the bottom’ na uri ng trabaho ay mas nagiging di-makatao sa mga digital labor platforms na nasa kamay ng mga transnational na korporasyon. Ang mga manggagawa sa gig economy ay

nakikita ang pagbagsak ng kanilang kita habang ang mga kapitalista ay kumakamal ng mas malaking tubo mula sa mababang halaga ng paggawa. Dahil sa hindi tinitiyak ang kanilang kalayaan ng pag-oorganisa at karapatan sa collective bargaining, pati na rin ang access sa social protection benefits, ang mga kondisyon kung saan napasailalim ang mga gig workers ay patuloy na sasahol.

Dagdag pa, ang Pilipinas ay nananatiling isang agraryong bansa na walang maayos at malayang malalaki at maliliit na industriya. Patuloy na nilulunod ng dayuhang kapital ang lokal na merkado, na makikita sa pagmamay-ari nila ng pinakamalalaking online digital na platform sa bansa, na epektibong humahadlang sa pag-unlad ng lokal na industriya at hindi nagbibigay ng katiyakan sa technology transfer. Sa kakulangan ng prayoridad ng pamahalaan sa pagpapaunlad ng sektor ng agrikultura at industriya, ang ekonomiya ng Pilipinas ay nakasandig sa sektor ng serbisyo kung saan ang karamihan sa empleyo sa bansa. Dahil dito, mahalagang bahagi ng ekonomiya ang mga manggagawa sa sektor tulad ng TNVS at ang mga digital platforms nito.

Nagbibigay ng malaking potensyal ang online digital technologies para sa pagpapalawak ng produksyon. Gayunpaman, sa kamay ng monopolyo kapitalismo, ito ay ginagamit upang lumikha ng mga sopistikado at mapagsamanatalang iskema sa trabaho na nagkukubli sa relasyon ng empleyado at employer. Anuman ang tawag sa kanila: gig workers, freelancers, o independent contractors, ang katotohanan ay ang paggawa nila ay mahalaga at kailangan upang makumpleto ang chain of production. Sa mas malalim na pagsusuri, ang paggigiit ng mga korporasyong tinatawag ang mga manggagawang bilang simpleng 'freelancers' o independent contractors, ay nagbibigay katwiran sa hindi patas na pagtrato sa kanila at kinukuha ang kolektibong halaga ng mga manggagawang ito.

Ang mabilis na digitalisasyon ng lugar ng trabaho at ang matagumpay na pagpapatupad nito sa loob ng gig economy, lalo na sa industriya ng TNVS, ay napatunayan na isang kapaki-pakinabang na pamumuhunan para sa malalaking negosyo. Sa ilalim ng neoliberal na globalisasyon, ang pagdidigitize at mga pag-unlad sa teknolohiya sa lugar ng trabaho ay ginamit upang paigtingin ang paggalaw at ang akumulasyon ng kapital. Dahil dito, kumakaharap ang mga manggagawa sa mas pang-aabuso na kondisyon sa paggawa sa pamamagitan ng iba't ibang mga patakaran ng labor flexibilization sa mga digital platform. Ang Grab, Foodpanda, Lazada,

at Shopee ay may iisang pagkakapareho sa kanilang mga modelo ng negosyo: ang iskema ng “digitized” na patakaran ng labor flexibilization na nagpapahintulot sa kanila na kumita ng sobrang-tubo kahit sa gitna ng pandemiya.

Nararapat na pigilan at labanan ang ganitong mapagsamantalang kondisyon. Sa pagdating ng Industry 4.0, umusbong ang iba’t ibang anyo ng mga aksyon ng mga manggagawa; mula sa mga manggagawang industriyal hanggang sa mga manggagawa sa BPO. Sa pag-usbong ng mga platform worker lalo na sa panahon ng pandemiya, naganap din ang mga ispontanyong pagkilos nila. Sa pamamagitan ng pagkakaisa ng mga manggagawa at aktibong pakikilahok sa kilusang para sa mga progresibong patakaran, kinilala ng mga mambabatas ang kanilang kalagayan. Gayunpaman, ang tugon ng pamahalaan ay nananatiling patse-patse lamang at hindi tumutumbok sa pangunahing mga hinaing ng mga rider na ito. Mayroon pa ring pangangailangan para sa mga delivery rider na patuloy na konsolidahin ang kanilang hanay at bumuo ng matatag na mga asosasyon upang palakasin ang kanilang bargaining capacity.

Hindi maipagkakaila ang epekto ng pagdidigitize at mga pag-unlad sa teknolohiya sa pagpapabuti ng produksyon at paglikha ng global na komunidad. Gayunpaman, hanggang walang mga pagbabago sa umiiral na mga relasyon sa lipunan, lalo na ang mga mapagsamantalang relasyon sa pagitan ng mga manggagawa at kanilang mga employer, maaaring magamit sa mali ang teknolohiya. Ang mga tagapagtanggol ng mga manggagawa, mga asosasyon, at mga unyon ay dapat magpatuloy na lumaban para sa makataong mga kondisyon sa paggawa sa gitna ng digitization, at ipaglaban ang tunay na mapaglingkod na teknolohiya sa sangkatauhan.

**Mga Sanggunian**

The Global Gig Economy Index: Cross-border freelancing trends that defined Q2 2019. Payoneer. (n.d.). Online. Available: https://pubs.payoneer.com/images/q2_global_freelancing_index.pdf

Gig economy is a boon for PH millennials—PayPal. (2018, September 19). PayPal Newsroom. Online. Available: https://newsroom.apac.paypal-corp.com/gig-economy-is-a-boon-for-phmillennialspaypal-categoryId-merchant

Felicia, RE; Kasaysayan ng Militanteng Paggawa sa Pilipinas, Braso, PUP, 2015

Gayle, C. (2018, June 7). US gig economy: data shows 16m people in “contingent or alternative” work. The Guardian. Online. Available: https://www.theguardian.com/business/2018/jun/07/america-gig-economy-work-bureaulabor-statistics

Ibon Foundation. (2020). Hulyo 2020 Praymer: Sa ngalan ng poder. Online. Available: https://www.ibon.org/wp-content/uploads/2020/07/IBON-UI-PRAYMER-Midyear-2020.pdf.

Shinozaki, S. (2020). The COVID-19 Impact on Micro, Small, and Medium-Sized Enterprises: Evidence from Rapid Surveys in Indonesia, the Lao People’s Democratic Republic, the Page 20 Philippines, and Thailand. In B. Susantono, Y. Sawada, and C. Park (Eds.), NAVIGATING COVID-19 IN ASIA AND THE PACIFIC. Asian Development Bank.

“Growing Your Food Business with Delivery”. (2020). Unilever Food Solutions PH live session. Online. Available: https://www.facebook.com/UnileverFoodSolutionsPhilippines/videos/2583733611839232/

Quintos, P. (2000). Labor flexibilization and imperialist crisis: Intensifying exploitation, dismantling job security, liquidating unions. Ecumenical Institute for Labor Education and Research (EILER). 1 May 2000

Voon, V. (2021, September 13). Food delivery in South East Asia almost tripled in 2020, accelerated by COVID-19. The Low Down - Momentum Works. https://thelowdown.momentum.asia/food-delivery-in-south-east-asia-almost-tripled-in2020-accelerated-by-covid-19/

Statista. (2022). Online Food Delivery - Philippines. Online. Available: https://www.statista.com/outlook/dmo/eservices/online-food-delivery/philippines

Time to care. (2020, January 28). Oxfam International. Online. Available: https://oxfamilibrary.openrepository.com/bitstream/handle/10546/620928/bp-time-tocare-inequality-200120-en.pd